Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

Upang tugunan ang sahod ni G. Andres Carvajal ay pinagtibay ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. I - '88
(Sa mungkahi ni Pang. Punumbayan Babasanta na pinangalawahan ni Kag. Dictado)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang ISANG LIBO LIMANG DAANG PISO (₱1,500.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa sahod ni G. Andres Carvajal, pansamantalang taga-ayos sa Pamilihang Bayan na itinalaga ng Punumbayan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
RESOLUTION No. 161 - '88
PROVINCIAL BOARD
April 26, 19 88

Pinagtibay:

LEO T. BUSTAMANTE
Nanunungkulang Punumbayan

Binasa ng Kalihim ang isang Liham-Kahilingan mula sa Himpilan ng Pamatay Sunog na nagsasaad ng paghiling ng palaan upang matugunan ang kanilang pangangailangan sa himpilan. Dahilan sa wala pang katiyakan kung may sobrang pananalapi ang kabang-bayan ay iminungkahi ni Kag. Gabayan na ito ay pansamantalang ipagpaliban. Ang mungkahi ay pinangalawahan ni Kag. Dictado.

Kinilala ng kapulungan ang pagdalo ni G. Boy Almira ng Barangay Aplaya na humiling sa kapulungan na maipagkaloob sa kanya ang pamamahala ng paglalagay ng mga palaro, "carnival rides" at iba pang libangan sa "playground" sa darating na pagdiriwang ng kapistahan ng bayan sa Abril katumbas ng kanilang ibabayad na ₱12,000.00 sa pamahalaang bayan.

Hiningi ni Kag. Dictado ang hapag upang sabihing nararapat isaalang-alang muna ang pagtitibay dito sapagkat ang buwan ng pagdaraos dito ay labas na sa panahon ng kanilang panunungkulan.

Sinambot ni Pang. Punumbayan Babasanta ang sinabi ni Kag. Dictado at sinabing maaring tanggapin ng kapulungan ang kahilingan at kung sakaling sasapit ang pagkakataon na mayroon ding magiging interesado ay maari ding ito ay isaalang-alang. Pinagpasyahan ng kapulungan na ang panuntunang sinunod noong mga nakaraang taon sa pagpili ng mamamahala ay siya ring susundin tulad ng mga sumusunod: a) Ang may-ari ng mga sasakyan (carnival rides) at iba pang mga palaro ay dapat na taga-Sta. Rosa at b) Ang koryenteng magagamit ay babayaran ng mamamahala.

Matapos pa ang isang maikling pagtatalakayan ay pinag-pasiyahan ang: